# Mag-ingat sa mga Manloloko at Nambubudol

**Release Date: Oct 4, 2021**

Pagtapos ng isang sakuna, ang mga nambubudol, mga nagnanakaw ng pagkatao at iba pang mga kriminal ay kadalasang gumagawa ng mga paraan upang magsamantala sa mga nakaligtas sa sakuna. Ang mga pederal at estadong opisyal ng pangangasiwa sa kagipitan ay umuudyok sa mga residente na maging mapagmatyag at iulat ang mga kahina-hinalang kilos.

Ang mga taong walang konsiyensya ay maaaring sumubok na magsamantala sa mga mahinang nakaligtas sa pamamagitan ng pagpanggap bilang isang opisyal na manggagawa sa tulong sa sakuna o kahit bilang mga kamag-anak na sinusubukang tumulong sa mga nakaligtas upang makumpleto ang kanilang aplikasyon.

Kasama ang mga ito sa karaniwang gawaing-panloloko pagkatapos ng mga sakuna:

**Pekeng pag-alok ng tulong na pederal o estado**: Ang mga pederal o estadong manggagawa ay hindi humihingi o tumatanggap ng pera. Ang mga tauhan ng FEMA at U.S. Small Business Administration ay hindi kailanman maniningil sa mga aplikante para sa tulong sa sakuna, inspeksyon o tulong sa pagkumpleto ng mga aplikasyon.

**Nagkukunwaring mga Inspektor ng tahanan:** Kapag naganap ang isang sakuna, ang mga aplikante ay mahina sa mga nagkukunwaring inspector ng tahanan na umaangking sila ay mga kinatawan ng FEMA upang magsiyasat ng mga pinsala. Tanungin upang makita ang kanilang mga tsapa ng pagkakakilanlan. Ang lahat ng tauhan ng FEMA at mga kontratista ay may opisyal na litrato ng pagkakakilanlan na nakalamina. Ang mga inspektor sa lupa ay maaaring gumamit ng iba't ibang uri ng pamamaraan ng komunikasyon upang makipag-ugnayan sa mga aplikante. Maaaring tumawag ang mga inspektor gamit ang isang telepono na bigay ng gobyerno o mga personal na cell phone kaya makakatanggap ang mga aplikante ng tawag mula sa iba't ibang mga area code. Ang mga inspektor ay

maaaring makipag-ugnay sa pamamagitan ng mga text message at mga email, gamit ang mga impormasyon sa pakikipag-ugnay na binigay ng mga aplikante sa kanilang aplikasyon sa FEMA. Subalit ang mga inspektor ay hindi kailanman hihiling ng pera upang makumpleto ang inspeksyon.

May mga panahon na ang kinatawan ng FEMA ay kailangan kang tawagan upang patunayan ang iyong personal na data. Dapat kang humiling ng numero ng pagkakakilanlan sa FEMA. Kung hindi ka sigurado sa pagkatao ng tumawag o ikaw ay may hinala sa taong nagsasabi na sila ay inspektor ng tahanan na pinadala ng FEMA, tumawag sa **Linya ng Tulong ng FEMA 800-621-3362 (711/VRS)**. Ang mga linya at bukas mula 8 ng umaga hanggang 7 ng gabi, araw-araw, at ang mga operator ay pwede kang konektahin sa isang espesyalista na nagsasalita ng iyong wika. Kung ikaw ay gumagamit ng serbisyong relay tulad ng serbisyong video relay, serbisyong captioned telephone at iba pa, ibigay sa FEMA ang numero para sa serbisyong iyon.

**Mga Nagkukunwaring Manggagawa ng Gobyerno:** Maaaring makipag-ugnayan sa iyo ang mga nambubudol na nagkukunwaring sila ay mga manggagawa sa sakuna na humihingi ng pera para sa mga serbisyo. Ang mga pederal, estado at lokal na manggagawa sa sakuna ay hindi hihingi o tatanggap ng pera. Hindi rin mangangako ang mga pederal na empleyado sa sakuna ng isang kaloob sa sakuna.

**Mapanlinlang na mga Paghingi para sa Kawanggawa:** Isang listahan ng mga mapagkakatiwalaang kawanggawa ang naaprubahan ng Wise Giving Alliance ng Better Business Bureau na makikita sa Give.org. Ang mga kriminal ay nananamantala ng mga nakaligtas sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga mapanlinlang na komunikasyon gamit ang email o social media at sa paggawa ng mga pekeng website na dinisenyo upang humingi ng kontribusyon.

Inaabiso ng Alliance na: “Huwag sumagot sa mga hindi hiniling na email. Maging mapagmatyag sa mga mapilit na telemarketer at mga pekeng kawanggawa na gumagamit ng mga katulad na pangalan na parang totoo.” Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pag-iwas sa mga nambubudol sa pagbigay sa kawanggawa, bumisita sa website ng Federal Trade Commission (Pederal na Komisyon sa Kalakal) sa at Scam Alerts.

**Pambubudol sa Listahan ng Paupahan:** Ang Pederal na Komisyon sa Kalakal ay may impormasyon kung paano gumagana ang mga pambubudol sa listahan ng mga paupahan. Halimbawa, alam ng mga nambubudol na mahirap maghanap ng tamang apartment o paupahan sa bakasyon, at ang isang magandang pagkakataon ay mahirap palampasin. Matuto pa sa Rental Listing Scams.

**Mag-ingat sa mga hindi-lisensyado/walang-segurong mga kontratista:** Madalas pagkatapos ng isang sakuna, ang mga indibidwal ay maaaring kumatawan sa kanilang mga sarili bilang lehitimong mga kontratista. Humingi ng mga sanggunian, maging maingat tungkol sa mga paunang bayad, at siguraduhin na sila ay lisensyado at kumukuha ng mga tamang permit. Bago ka umarkila ng isang kontratista para sa pagpapabuti ng tirahan, suriin kung ang kontratista ay lisensyado o nakarehistro sa iyong lalawigan.

- **Lungsod ng New York**: https://www1.nyc.gov/site/dca/consumers/check-license.page
- **Lalawigan ng Nassau**: Licensing / Registrations | Nassau County, NY - Official Website (nassaucountyny.gov)
- **Lalawigan ng Suffolk**: https://www.suffolkcountyny.gov/Departments/Consumer-Affairs
- **Lalawigan ng Rockland**: http://rocklandgov.com/departments/consumer-protection-weights-and-measures/licensed-businesses
- **Lalawigan ng Westchester**: https://consumer.westchestergov.com/trades/find-a-licensed-contractor

Kung ikaw ay may kaalaman sa isang panloloko, pag-aksaya o pang-abuso, pwede mong i-ulat ang mga tip na ito – 24 oras, araw-araw – sa Linya ng Tulong ng Panloloko sa Sakuna ng FEMA sa **866-720-5721** o mag-email sa Disaster@leo.gov.

Kung ikaw ay naniniwala na ikaw o ang mahal sa buhay ay naging biktima ng isang pambubudol o pagnanakaw ng pagkakakilanlan, i-ulat agad ito sa iyong lokal na pulisya o kagawaran ng serip, o makipag-ugnayan sa Abogado Heneral ng Estado ng New York:

- Consumer Protection Hotline (Hotline Para sa Proteksyon ng Mamimili), **800-697-1220**
- https://www.ny.gov/agencies/division-consumer-protection

- https://dos.ny.gov/file-consumer-complaint

Para sa referral sa mga ahensyang sumusuporta sa pangangailangan pang-komunidad, tumawag sa 211 o bumisita sa https://www.211nys.org/contact-us. Para sa mga residente ng Lungsod ng New York, tumawag sa 311.

Para sa pinakabagong impormasyon tungol sa pagsisikap sa pagbawi matapos ang Bagyong Ida ng New York, bumisita sa https://www.fema.gov/disaster/4615. Sundan kami sa Twitter sa twitter.com/FEMAregion2 at sa www.facebook.com/fema.